

ST. ANTHONY, ABBOT

Patron Saint of butchers, skin diseases, gravediggers, and swine

Many extraordinary people who live heroic, path breaking lives remain unknown to posterity for one simple reason—no one writes their biography. How many other saints, heroes, and martyrs would be known to mankind if just one witness to their actions had put pen to paper! Just one author is needed to introduce a great man to subsequent generations. Today's saint may have been forgotten forever, and may have wanted to remain unknown. But a talented and famous contemporary of his wrote what he knew. Saint Athanasius, the great champion of orthodoxy at the Council of Nicea, wrote a short biography of his fellow Egyptian, The Life of Saint Anthony the Great. Saint Athanasius' work was so widely shared, and so often translated, that it was never lost to history. It has preserved St. Anthony's memory down to the present.

The first three centuries of the Church saw sporadic persecutions of Christianity which at times turned vicious. These spasms of violence against Christians produced a large class of martyrs, many of whose last words and sufferings were recorded in official Roman judicial documents or in the written testimonies of witnesses. As Christianity was legalized at the start of the fourth century martyrdom ceased to be the primary form of Christian witness. A new form of radical witness to Christ emerged—the witness of radical isolation, fasting, prayer, and penance of the desert fathers. These monks retreated into remote places to lead solitary lives of dedication to Christ. Foremost among these desert fathers was St. Anthony of the Desert, born around 250 A.D. He was not the first ascetic, but he was perhaps the first to take the radical decision to retreat into the desert.

St. Anthony had money and property as a young man. But upon hearing at Mass the words of Christ to the rich young man to "...go, sell what you have and give to the poor, and you will have treasures in heaven", St. Anthony decided to seek not silver or bronze, but pure gold. He sold his goods, he removed himself from all temptation except those intrinsic to human nature, he battled the devil, he fasted, he prayed, and he even actively sought martyrdom. He became famous for being holy. Saint Anthony preceded St. Benedict by two hundred years. He offers us an example of being a monk outside of a community of monks in a monastery. He sought Christ alone in every sense. Alone in the desert, without family, community, or money. Alone to the world, he clinged to the only person who truly mattered—God himself. Saint Anthony's path of holiness is both radical and refined. It is for few people to walk. But he was the first to walk it so well. He shows us that being alone, stripped of all worldly concerns, is a sort of rehearsal for death, where we will meet God alone, every last thread tying us to the world having been cut.

St. Anthony, we ask your intercession to help us cling to God alone. Help us to strip ourselves of those needs and concerns which stuff our lives from morning to night. Help us not to be distracted from the one thing, the only thing, the last thing, God Himself.

MYCATHOLIC. LIFE

Ika-17 ng Enero, Lunes II

PAGGUNITA KAY SAN ANTONIO, ABAD

Panalangin Sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang ating mga labi.
At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN ANTIPONA

Halina at awitan ng masasayang awit ang Panginoon.

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak. *(Antipona)*

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang. *(Antipona)*

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan. *(Antipona)*

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
“Iyang inyong puso’y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso’t doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila’ ng nakinabang. *(Antipona)*

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, ”Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!”
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan.” *(Antipona)*

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen. *(Antipona)*

AWIT

Kapangyarihan ng Diyos ay aking inaawit,
Na lumikha ng bundok, ng dagat at ng langit,
Sa karunungan niya, plano ay nakamit
Na araw, tala’t buwan, may liwanag na hatid.

Akin ding aawitan ang kabutihan ng D’yos
Na lumikha sa lahat, may pagkaing kaloob,
Kahanga-hangang tunay, ang iyong idinulot,
Kahit saan lumingon, mata ko’y nalulugod.

Maging sa halamanan dangal mo’y nakikita,
Pati ang mga ulap, ay walang sumasalya,
Buhay mandin ay hiram, nasa ’yong pag-alala,
Kahit saan magpunta, tiyak na naroon ka.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Hanggang saan ang hangganan ng aking paglalakbay upang makapasok sa piling ng Diyos?

Salmo 42

(Umaasa sa pakikipiling ng Diyos sa kanyang Templo)

Kung paanong yaong batis ang hanap ng isang usa;
Gayon hinahanap ang Diyos ng uhaw kong kaluluwa;
Nananabik ako sa Diyos, Diyos na buhay, walang iba;
Kailan kaya maaaring sa harap mo ay sumamba?

Araw-gabi'y tumataghoy, gabi't araw'y tumatangis;
Ang nagiging pagkain ko'y mga luha sa paghibik.
Itong mga kaaway ko, sa tuwina'y yaong sambit,
"Nasaan ba ang iyong Diyos? Hindi naming namamasid."

Nagdurugo ang puso ko, kung aking maalaala
Ang lumipas na kahapon lagi kaming sama-sama
Papunta sa templo ng Diyos na ako ang nangunguna;
Pinupuri namin ang Diyos, sa pag-awit na masaya!

Bakit ako nalulungkot, nabahala nang mainam?
Sa Diyos ako may tiwala, siyang aking aasahan;
Diyos na Tagapagligtas, muli ko s'yang aawitan.

Siya ay gugunitain ng puso kong tigib-hirap,
Habang ako'y nasa Jordan, sa tapunan nasasadlak;
Doon sa may Bundok Hermon at sa may Bundok Mizar,
Di ko siya malilimot gunitain oras-oras.

Ang dagat na kalaliman pakinggan at umuugong,
At doon ay maririnig, lagaslas ng mga talon;
Ang kawangki at kawangis, malungkot na mga alon
Na sa aking kaluluwa ay ganap na tumatabon.

Nawa ang pag-ibig ng Diyos ay mahayag araw-araw,
Gabi-gabi siya nawa'y purihin ko at awitan;
Dadalangin ako sa Diyos, na sa aki'y bumubuhay.

Sa Diyos, na sanggalang ko ganito ang aking wika,
"Bakit ako ay nilimot, nilimot mo akong kusa?
Bakit ako nagdurusa sa kamay ng masasama?"

Halos ako ay natunaw sa pagkutya ng kaaway,
Habang sila'y nagtatanong, "Ang Diyos mo ba ay nasaan?"

Bakit ako nalulungkot, bakit ako nagdaramdam?
Sa Diyos ako'y may tiwala, siyang aking aasahan;
Magpupuri akong muli, pupurihing walang humpay
Ang aking Tagapagligtas, ang Diyos na walang hanggan.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Hanggang saan ang hangganan ng aking paglalakbay upang makapasok sa piling ng Diyos?

Antipona 2: Panginoon, sa ami'y ipakita ang sinag ng iyong awa.

Awit: Sirac 36:1-5, 10-13

(Panalangin sa pagpasok sa banal na lungsod ng Jerusalem)

Mahabag ka sa amin, PANGINOON, Diyos ng sanlibutan,
Lingapin mo kami, at gawin mong matakot sa iyo ang lahat ng bansa.
Kumilos ka laban sa mga bansang di kumikilala sa iyo,
Ipakita mo sa kanila ang iyong kapangyarihan.

Ginamit mo kami upang makita nila ang iyong kabanalan,
Gamitin mo naman sila nang makita namin ang iyong kapangyarihan.
Sa gayon makikilala nila, tulad ng pagkakilala namin
na walang ibang Diyos liban sa iyo, PANGINOON.

Magpakita ka uli ng mga kababalaghan,
Gumawa ka ng mga bagong himala.
Ipakita mo ang lakas ng iyong bisig.

Tipunin mong lahat ang mga lipi ni Israel,
At ibalik mo sila sa lupaing ipinamana mo sa kanila noong una,
Kaawaan mo, PANGINOON, ang baying itinuturing na bayan mo,
Ang Israel na inari mong anak na panganay.

Kahabagan mo ang aming banal na lunsod,
Ang Jerusalem na pinili mong tirahan.
Punuin mo ang Sion ng mga awit ng pagpupuri sa iyo,
Punuin mo ng iyong kaluwalhatian ang iyong banal na tahanan.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Panginoon, sa ami'y ipakita ang sinag ng iyong awa.

Antipona 3: Ang kalangitan ay magpahayag ng iyong kadakilaan, O Panginoon.

Salmo 19a

(Kapurihan ng Diyos na maylikha sa lahat)

Ang langit ay naghahayag na ang Diyos ay dakila!
Malinaw na nagsasaad kung ano ang kanyang gawa!
Bawat araw, bawat gabi, ang ulat ay walang patlang,
Patuloy na nag-uulat sa sunod na gabi't araw.

Walang tinig o salitang ginagamit kung sabagay,
At wala ring naririnig na kahit na anong ingay;
Gayon pa man, sa daigdig ay laganap yaong tinig,
Ang balita'y umaabot sa duluhan ng daigdig.

Itong Diyos ay nagtayo ng tolda sa kalangitan,
Mula roon, kung umaga'y lumalabas itong araw;
Katulad ng naglalakad na lalaking ikakasal,
Parang isang manlalaro na handing makipaglaban.

Sa silangan sumisikat, lumulubog sa kanluran,
Init niyo'y nadarama ng lahat sa daigdigan.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Ang kalangitan ay magpahayag ng iyong kadakilaan, O Panginoon.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Jeremias 15:15-16)*

Panginoon, ikaw ang nakababatid ng lahat. Alalahanin mo ako't tulungan. Ipaghiganti mo ako sa mga umuusig sa akin. Huwag kang pahinuhod sa kanila at baka ako'y kanilang patayin. Ako'y hinahamak nila dahil sa iyo. Nagsalita ka sa akin, at pinakinggan kitang mabuti. Ang mga salita mo'y aking kagalakan. Ako'y sa iyo, Panginoon, Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

TUGUNAN

Umawit ng papuri, mga hinirang ng Diyos, at ialay ang nararapat na papuri sa kanya,
— Umawit ng papuri mga hinirang ng Diyos, at ialay ang nararapat na papuri sa kanya.

Awitan ang Panginoon ng isang bagong kanta,
— at ialay ang nararapat na papuri sa kanya.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Umawit ng papuri, mga hinirang ng Diyos, at ialay ang nararapat na papuri sa kanya.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: Purihin ang Panginoon sapagkat nilingap niya't pinalaya ang kanyang bayan.

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Hinirang tayo ng Manunubos na isang lahi ng mga pari upang mag-alay ng nararapat na hain sa Ama. Manawagan tayo sa kanya nang may utang na loob:

Panginoon, panatilihin mo kaming naglilingkod sa iyo.

Kristo, ang walang hanggang Pari, iginawad mo ang banal na pagkapari sa iyong bayan,
— ipagkaloob mong makapag-alay kami sa Ama ng mga handog na espirituwal.

Sa kagandahang-loob mo, ipalaganap mo sa amin ang bunga ng iyong Espiritu,
— ang tiyaga, kabutihan at pang-unawa.

Mahalin ka nawa namin at makapiling, dahil ikaw ang pag-ibig,
— upang makapagbigay papuri sa iyo ang aming mga gawain.

Hanapin nawa namin ang mga bagay para sa kapakanan ng aming mga kapatid nang hindi kapalit ang hinihintay,
— upang matulungan sila sa landas ng kaligtasan.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
pinagbigyan mong ikaw ay mapaglingkuran
ni SAN ANTONIO ABAD na sa disyerto namuhay.
Pakundangan sa kanyang pagdalangin,
ikaw nawa'y lubusang mahalin
sa pagtalikod sa pansariling kaluwagan namin
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

Panalangin sa Takipsilim

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Ngayon at naglaho na, liwanag ng umaga,
Pumapasok ang dilim, gabi ay narito na,
Sa paglubog ng araw, pag-asa'y nakikita
Na may bukang-liwayway, at may dulot na saya.

Ang araw na sisikat, sa pagdating ng bukas,
Tulad ng Poong Hesus, busilak ang liwanag,
Sa gabi ng pagpanaw, ang kalangitang hanap,
Nawa'y mapasaatin, buhay na walang wakas.

Kagaya noong una, patuloy ang paglikha,
Lahat ay binabago, kay Kristo'y pinagpala,
Kadilima'y lilipas, makikita ng madla,
Isang D'yos — Ama't Anak, Espiritung Dakila.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Ang iyong ganda'y walang kapara; bawa't salita mo'y puno ng biyaya.

Salmo 45

(Ang kasal ng hari)

I

Kay gagandang pangungusap ang naroon sa isipan,
Habang aking hinahabi ang awit sa haring mahal;
Ang katulad ng dila ko ay panulat niyong paham,
Panulat ng mabubuting sumulat ng kasaysayan.

Sa lahat na ng nilikha ay makisig kang di hamak,
Kapag nagtatalumpati'y pambihira kang mangusap;
Pinagpapala kang lagi ng Diyos sa iyong hangad.

O ikaw na haring bantog, isakbat mo ang sandata;
Malakas ka at dakila, sagisag mo'y maharlika.
Maglakbay kang mayro'ng dangal tungo sa pagtatagumpay,
Alang-alang sa matuwid, ipagtanggol ang katuwiran;

Tagumpay ay matatamo sa lakas mong tinataglay.
Palaso mo'y matatalim, pumapatay ng kaaway;
Susuko ang mga bansa at sa iyo ay gagalang.

Yaong tronong tinanggap mo na kaloob ng iyong Diyos,
Isang tronong magtatagal at hindi na matatapos;
Matuwid kang maghahari sa bansa mong nasasakop.

Ang matuwid ay mahal mo, sa masama'y namumuhi;
Kaya naman ang iyong Diyos, tanging ikaw ang pinili;
At higit sa kaninuman ang galak mo'y tanging-tangi.

Sa damit mo'y nalalanghap, tatlong uri ng pabango,
Mira, aloe saka kasia na buhat sa ibang dako;
Inaaliw ka ng tugtog sa garing na palasyo mo.

O kay gagandang prinsesa ang katulong na dalaga,
Samantalang sa kanan mo, nakatayo yaong reyna,
Palamuti'y gintong lantay sa damit na suot niya.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Ang iyong ganda'y walang kapara; bawa't salita mo'y puno ng biyaya.

Antipona 2: Ang kasintahang lalaki'y narito na; salubungin ninyo siya.

II

O kabiyak nitong hari, ang payo ko'y ulinigin;
Ang lahat mong kamag-anak at ang madla ay limutin.
Sa taglay mong kagandahan ang hari ang paibigin;
Siya'y iyong panginoon, marapat na iyong sundin.

Yaong mga taga-Tiro, handog nila ay dadalhin,
Pati mga mayayaman sa iyo ay susuyo rin.
Ang prinsesa sa palasyo'y pagmasdan mo't anong ganda;
Sinulid na gintung-ginto ang niyaring damit niya.

Sa makulay niyang damit, sa hari ay pinapunta,
Haharap sa haring yaong mga abay ay kasama.
Sama-samang masasaya, ang lahat ay nagagalak
Na pumasok sa palasyo at sa hari ay humarap.

Darami ang iyong supling, sa daigdig maghahari,
Kapalit ng ninuno mo sa sinundang mga lahi.
Dahilan sa aking awit, ikaw nama'y dadakila,
Kailanma'y pupurihin nitong lahat na nilikha!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Ang kasintahang lalaki'y narito na; salubungin ninyo siya.

Antipona 3: Ipinanukala ng Diyos na sa takdang panahon ay pag-isahin kay Kristo ang lahat ng bagay.

Awit: Efeso 1:3-10

(Ang Diyos ang Tagapagligtas)

Magpasalamat tayo sa Diyos
At Ama ng ating Panginoong Hesukristo!
Pinagkalooban niya tayo
Ng lahat ng pagpapalang espirituwal
Dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo.

At sa atin ngang pakikipag-isang ito;
Hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan
Upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya.

Dahil sa pag-ibig ng Diyos,
Tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya
Sa pamamagitan ni Hesukristo.

Iyan ang kanyang layunin at kalooban.
Purihin natin siya
Dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin
Sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!

Tinubos tayo ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan
At sa gayo'y pinatawad na ang ating mga kasalanan.
Gayon kadakila ang pag-ibig na ipinadama niya sa atin!

Binigyan niya tayo ng karunungan at kabatiran
Upang lubos nating maunawaan
Ang kanyang lihim na panukala na isasakatuparan
Sa pamamagitan ni Kristo pagdating ng takdang panahon.

Ang panukalang ito ay pag-isahin kay Kristo
Ang lahat ng nasa langit at nasa lupa.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Ipinanukala ng Diyos na sa takdang panahon ay pag-isahin kay Kristo ang lahat ng bagay.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(1 Tesalonica 2:11-14)*

Tulad ng alam ninyo, kami'y naging parang ama ng bawat isa sa inyo. Pinalakas namin ang inyong loob, inaliw kayo at hinimok na mamuhay nang tapat sa paningin ng Diyos na humirang sa inyo upang makahati sa kanyang kaharian at kaluwalhatian.

Ito pa ang lagi naming ipinagpapasalamat sa Diyos: nang ipangaral namin sa inyo ang kanyang salita, tinanggap ninyo ito bilang tunay na salita ng Diyos, at hindi ng tao. Anupa't ang bisa nito'y nakikita sa buhay ninyong mga sumasampalataya.

TUGUNAN

Dinggin ang aming panalangin, Panginoon, na inihahain sa iyo.
— Dinggin ang aming panalangin, Panginoon, na inihahain sa iyo.

Tulad ng nasusunog na insenso sa harapan mo,
— na inihahain sa iyo.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Dinggin ang aming panalangin, Panginoon, na inihahain sa iyo.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: Ang puso ko'y magpupuri sa kadakilaan ng Panginoon habang panahon.

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Purihin natin si Kristo na nagmamahal, kumakalinga at gumagabay sa kanyang Simbahan. May pananampalataya tayong tumawag sa kanya:

Dinggin ang mga dasal ng iyong sambayanan, O Panginoon.

Panginoong Hesus, maligtas nawa ang lahat ng tao,
— at magkamit ng kaalamang totoo.

Ingatan ang aming banal na Papa, FRANCISCO at obispo na si JOSE,
— sila nawa'y tulungan mo.

Alalahanin ang mga manggagawang naghahanap ng gawaing matapat,
— upang makapamuhay sila nang mapayapa at ganap.

Panginoon, maging tanggulan ka ng mga aba,
— na sa kagipita'y saklolo nila.

Hinihiling naming tangkilikin mo ang lahat ng mga obispo, mga pari, at diakonong yumao na,
— purihin ka nawa ng kanilang mga awitin sa harap ng iyong dambana.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
pinagbigyan mong ikaw ay mapaglingkuran
ni SAN ANTONIO ABAD na sa disyerto namuhay.
Pakundangan sa kanyang pagdalangin,
ikaw nawa'y lubusang mahalin
sa pagtalikod sa pansariling kaluwagan namin
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

Panalanging sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Natapos man ang maghapon, hindi ang magmahal;
Marami man ang hirap, pag-asa'y tumatagal;
Kunin yaring puso na pag-ibig ang may lalang
At sa pagkahimlay ay lagi nawang ingatan.

Laganap man ang dilim, ang ilaw ay narito,
May liwanag sa gabi, lakas ng mga tao.
Mata'y ipipikit ngunit ika'y katabi ko
Na laging tumitingin nang di malayo sa 'yo.

Antipona: O Panginoong aming Diyos, ang pag-ibig mo sa ami'y walang pagkapagod.

Salmo 86

(Panalangin ng isang dukhang nasa kagipitan)

Sa aking dalangin, ako'y iyong dinggin,
Tugunin mo, PANGINOON, ang aking pagdaing;

Ako'y mahina na't wala nang tumingin.
Yamang ako'y tapat, ingatan ang buhay,
Lingkod mo'y iligtas sa kapahamakan
Pagkat may tiwala sa 'yo kailanman.

Ikaw ang aking Diyos, ako'y kahabagan,
Sa buong maghapo'y siyang tinatawagan.
PANGINOON, ang lingkod mo'y dulutan ng galak,
Sapagkat sa iyo ako tumatawag.

Mapagpatawad ka at napakabuti;
Sa dumadalangin at sa nagsisisi,
Ang iyong pag-ibig ay mananatili.
Pakinggan mo, PANGINOON, ang aking dalangin,
Tulungan mo ako, ako'y iyong dinggin.

Dumaraing ako kung mayro'ng bagabag,
Iyong tinutugon ang aking pagtawag.
Sa sinumang diyos wala kang kawangis,
Sa iyong gawai'y walang makaparis.

Ang lahat ng bansa na iyong nilalang,
Lalapit sa iyo't magbibigay galang;
Sila'y magpupuri sa 'yong kabutihan.
Pagkat ikaw lamang ang Diyos na Dakila
Na anumang gawin ay kahanga-hanga!

Ang kalooban mo'y ituro sa akin,
At iyon ang tapat na aking susundin;
Turuang maglingkod nang buong taimtim.

O PANGINOONG Diyos, sa buo kong buhay,
Pupurihin kita magpakailanman
At ihahayag ko ang kadakilaan.
O pagkadakila! Pag-ibig mong wagas,
Dahil sa pag-ibig, ako'y iniligtas;
Di mo binayaang sa hukay masadlak.

Mayroong mga taong ayaw kang kilanlin,
Taong mararahas, na ang adhikain
Ay labanan ako't ang buhay ay kitlin.

Ngunit ikaw, PANGINOON, tunay na mabait,
Tapat at totoo, wagas ang pag-ibig;
Lubhang mahabagi't banayad magalit.
Ibaling sa akin ang awa mo't habag,

Iligtas mo ako at bigyan ng lakas;
Yamang naglilingkod sa iyo nang tapat.
Pagtulong sa aki'y iyong patunayan;
Upang mapahiya ang aking kaaway,
Kung makita nila yaong katibayan
Na ako'y inaliw mo at tinulungan!

(Papuri sa Ama at...)

Antipona: O Panginoong aming Diyos, ang pag-ibig mo sa ami'y walang pagkapagod.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(1 Tesalonica 5:9-10)*

Tinawag tayo ng Diyos hindi upang parusahan, kundi upang iligtas sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesukristo. Namatay siya para sa atin upang tayo'y mabuhay na kasama niya, buhay man tayo o patay sa kanyang muling pagparito.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

**Panginoon,
bigyan ng panatag na pagkahimlay
ang aming mga katawan
at ang mga ginawa namin ngayon
ay magbunga nawa ng walang hanggang buhay.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.**

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay.
Amen.